



Pag-unawa sa NDIS

1

2

3

BUKLET 1 NG 3



BUKLET

1

Saklaw ng buklet na ito ang:

- Pag-unawa sa NDIS
- Pag-alam kung ikaw ay karapat-dapat
- Mga suporta at mga serbisyong pinondohan ng NDIS

Paano gagamitin ang buklet na ito

Ang buklet na ito ay tutulong sa iyong maunawaan ang National Disability Insurance Scheme (NDIS – Pambansang Iskema ng Seguro sa Kapansanan) at kung paano ito makakatulong sa iyo.

Maaari mo itong ibahagi sa kapamilya at mga kaibigan, dalhin ito sa mga pulong, at gamitin ang espasyo sa pahina 7 upang isulat ang mga tala, mga tanong at mga detalye ng kontak.

MGA SUSING SALITA NG NDIS: Ang ilang mga salita na ginagamit namin upang pag-usapan ang NDIS ay maaaring bago sa iyo, kaya't ipapaliwanag namin ang mga ito sa pagbabasa mo ng buklet.

Ito ang una sa tatlong buklet sa seryeng ito.

BUKLET 1: Pag-unawa sa NDIS

Sa Buklet 1:

Pag-unawa sa NDIS

- Alamin kung ano ang NDIS, anong suporta ang ibinibigay nito at sino ang maaari mong kontakin para sa karagdagang impormasyon.
- Alamin ang iba't ibang papel na ginagampanan ng NDIS, mga serbisyo ng komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan.

Pagpasya kung mag-aaplay para sa NDIS

- Alamin ang tungkol sa pagiging karapat-dapat upang maging kalahok sa NDIS.
- Kung sa palagay mo ay karapat-dapat ka para sa NDIS, alamin kung ano ang susunod mong gagawin.

Pag-access ng NDIS

- Alamin kung anong impormasyon ang kinakailangan upang gumawa ng kahilingan sa pag-access ng NDIS.
- Alamin kung paano ginagawa ang mga desisyon sa pag-access.
- Kung ikaw ay hindi karapat-dapat para sa NDIS, alamin kung paano hihingi ng tulong upang ma-access ang mga serbisyong pangkomunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan.

Ang iba pang mga buklet sa seryeng ito ay:

BUKLET 2: Pagpaplano

Saklaw ng Buklet 2 ang:

- Pag-unawa sa iyong kasalukuyang mga suporta at paghahanda sa iyong pagpaplanong pulong
- Pagdalo sa pagpaplanong pulong upang lumikha ng iyong plano
- Pagtanggap ng iyong inaprubahang plano ng NDIS

BUKLET 3: Paggamit ng iyong plano ng NDIS

Saklaw ng Buklet 3 ang:

- Pag-unawa kung ano ang nasa iyong plano
- Pag-alam kung paano gagamitin ang iyong plano
- Pagpili at pamamahala ng mga suporta at mga serbisyo
- Pagrepaso ng iyong plano at pag-unlad

Tatanggap ka ng mga buklet na kailangan mo sa iyong paglalakbay sa NDIS, o maaari mong ma-access ang mga ito sa website ng NDIS sa www.ndis.gov.au



Pag-unawa sa NDIS

Ano ang NDIS?

Ang National Disability Insurance Scheme (NDIS) ang unang pambansang Iskema para sa mga taong may kapansanan sa Australya.

Lumilihis ito sa naunang sistema na nagbibigay ng block funding (bultong pagpondo) sa mga ahensya at mga organisasyon sa komunidad, upang direktang magpondo sa mga indibidwal.

Mga 4.3 milyong Australyano ang may kapansanan. Kapag ito ay ganap na naipapatupad, ang NDIS ay magbibigay sa mga 460,000 na mga Australyano na wala pang 65 ang edad, na may **permanente at malaking kapansanan** ng pagpopondo para sa **mga suporta at mga serbisyo**. Para sa maraming tao, ito ang unang pagkakataon na tatanggap sila ng suporta sa kapansanan na kailangan nila.

Ang NDIS ay maaaring magbigay sa lahat ng mga taong may kapansanan ng impormasyon at mga ugnayan sa mga serbisyo sa kanilang mga komunidad, tulad ng mga doktor, mga samahang pang-isport, mga suportang grupo, mga aklatan at paaralan, pati na ang mga impormasyon tungkol sa suportang ibinibigay ng bawat pamahalaan ng estado at teritoryo.

NDIS - Ano ang ibig sabihin nito?

N – National (Pambansa)

Ang NDIS ay unti-unting ipinapakilala sa lahat ng mga estado at mga teritoryo.

D – Disability (Kapansanan)

Ang NDIS ay nagbibigay ng suporta sa mga taong karapat-dapat na may intelektuwal, pisikal, pandama, kognitibo at siko-sosyal (psychosocial) na kapansanan. Ang mga suportang **maagang pamamagitan o interbensyon** ay maaari ding ibigay sa karapat-dapat na mga taong may kapansanan o mga batang may pagkaantala sa pag-unlad.

I – Insurance (Seguro)

Ang NDIS ay nagbibigay sa lahat ng mga Australyano ng payapang isipan na sakaling sila, kanilang anak o mahal sa buhay ay isinilang na mayroon o nagtamo ng isang permanente at malaking kapansanan, makakakuha sila ng suportang kailangan nila.

S – Scheme (Iskema)

Ang NDIS ay hindi isang sistemang pangkawanggawa. Ang NDIS ay dinisenyo upang tulungan ang mga tao na makakuha ng suportang kailangan nila upang pagbutihin ang kanilang kasanayan at pagsasarili sa paglipas ng panahon.

MGA SUSING SALITA NG NDIS:

Permanente at malaking kapansanan

Ang ibig sabihin ng permanenteng kapansanan ay ang iyong kapansanan ay malamang na panghabambuhay. Ang malaking kapansanan ay may malaking epekto sa iyong kakayahang isagawa ang pang-araw-araw na mga gawain.

Mga suporta at serbisyo

Alalay o mga produkto na tumutulong sa isang tao sa kaniyang pang-araw-araw na buhay at tinutulungan siyang makibahagi sa komunidad at makamtam ang kaniyang mga mithiin.

Maagang interbensyon

Pagbibigay ng suporta sa isang tao, bata o adulto, hangga't maaari habang maaga upang mabawasan ang mga epekto ng kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad at patatagin ang kaniyang mga kasanayan at pagsasarili.

“

Gamit ang NDIS na tumutulong sa aking harapin ang pang-araw-araw na mga balakid, nagagawa kong tumutok sa pagpapalago ng aking negosyo nang hindi na inaalala ang pang-araw-araw na kagipitan sa pera na kaugnay ng kapansanan.”

LAURA, KALAHOK SA NDIS AT MAY-ARI NG MALIIT NA NEGOSYO



Ano ang ginagawa ng NDIS?

Nagbibigay ng pondo sa mga taong karapat-dapat batay sa kanilang mga pangangailangan

Ang NDIS ay nagbibigay ng **makatwiran at kinakailangang** pondo sa mga taong may permanente at malaking kapansanan upang maka-access ng mga suporta at mga serbisyong kailangan nila upang mamuhay at masiyahan sa kanilang buhay.

Bawat **kalahok ng NDIS** ay may indibidwal na plano na naglilista ng kaniyang mga mithiin at pondong natanggap niya.

Ginagamit ng mga kalahok ng NDIS ang kanilang pondo sa pagbili ng mga suporta at mga serbisyo na tutulong sa kanilang makamitam ang kanilang mga mithiin. Lahat ng tao ay iba't iba ang mga mithiin ngunit maaaring kasama ang mga bagay gaya ng pagkakaroon ng trabaho at pananatili dito, pakikipagkaibigan o pakikibahagi sa isang aktibidad sa lokal na komunidad. Ang mga kalahok ng NDIS ang namamahala sa suportang matatanggap nila, kailan nila ito matatanggap, at sino ang magbibigay nito.

Hindi maaaring pondohan ng NDIS ang suporta na:

- pananagutan ng isa pang sistema ng pamahalaan o serbisyo ng komunidad; o
- walang kinalaman sa kapansanan ng isang tao.

Sumusuporta sa mga komunidad na kabibilangan ng lahat ng mga Australyanong may kapansanan

Ang mga taong hindi karapat-dapat para sa NDIS ay maaari pa ring makakuha ng tulong upang ma-access ang mga serbisyo ng komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan. Ang NDIS ay maaaring magbigay ng impormasyon at tulongang i-ugnay ang lahat ng taong may kapansanan, kanilang mga pamilya at mga tagapag-alaga sa komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan. Para sa maraming tao, ito na ang lahat ng suportang kailangan nila.

Sino ang tumutulong sa pagpapatupad ng NDIS?

Ang National Disability Insurance Agency

- Ang National Disability Insurance Agency (NDIA) ay independiyenteng organisasyon ng pamahalaan na nagpapatakbo ng NDIS.
- Ang NDIA ang gumagawa ng mga desisyon kung ang isang tao ay karapat-dapat na maging kalahok ng NDIS at, kung sakali, gaano kalaking pondo ang matatanggap niya. Ito ay batay sa batas na tinatawag na *NDIS Act 2013* na nagtatakda kung anong mga suporta at mga serbisyo ang itinuturing na makatwiran at kinakailangan para pondohan ng NDIS.

Mga Kasosyong Early Childhood Early Intervention (Maagang Interbensyon sa Maagang Pagkabata)

- Ang Early Childhood Early Intervention (ECEI) ay tumutulong sa mga batang may edad na 0-6 na taon na may pagkaantala sa pag-unlad o may kapansanan.
- Ang mga Kasosyong ECEI ay gumagamit ng mga ECEI Coordinator (Koordineytor ng ECEI) na tumutulong sa mga bata at kanilang pamilya na maka-access ng mga suporta at mga serbisyo na inakma sa mga pangangailangan ng bata.
- Tumutulong din ang ECEI Coordinator sa pag-ugnay sa iba pang mga serbisyo tulad ng mga serbisyo sa kalusugan ng komunidad, mga playgroup o iba pang mga aktibidad na makukuha sa lugar.

Mga Kasosyong Local Area Coordination

- Ang mga Kasosyong Local Area Coordination ay kumukuha ng mga Local Area Coordinator (LAC) na tumutulong sa mga tao na maunawaan at ma-access ang NDIS. Nakikipagtulungan din sila sa mga kalahok ng NDIS upang buuin at gamitin ang kanilang plano ng NDIS.
- Para sa karamihan ng mga tao na may edad na pitong taon at higit pa, ang LAC ang kanilang pangunahing punto ng pakikipag-ugnayan sa NDIS.
- Ang LAC ay mag-uugnay sa mga taong may kapansanan sa mga suporta, mga serbisyo, mga gawain sa kanilang mga komunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan. Ang mga LAC ay nakikipagtulungan din sa mga komunidad upang tulungan ang mga itong maging mas maddaling ma-access at inklusibo para sa lahat ng mga taong may kapansanan.

Paano ko malalaman ang aking lokal na ECEI o Kasosyong LAC?

Bisitahin ang www.ndis.gov.au o tawagan ang **1800 800 110** upang mahanap ang iyong lokal na ECEI o Kasosyong LAC.

MGA SUSING SALITA NG NDIS:

Makatwiran at kinakailangan

Ang ibig sabihin ng 'makatwiran' ay isang bagay na patas at ang ibig sabihin ng 'kinakailangan' ay isang bagay na kailangan ng isang tao. Ang NDIS ay nagpopondo sa mga suporta at mga serbisyo na may kaugnayan sa kapansanan ng isang tao upang tulungan siyang makamit ang kaniyang mga mithiin at matugunan ang kaniyang mga pangangailangan.

Kalahok ng NDIS

Ang mga taong karapat-dapat na mag-access ng NDIS ay tinatawag na mga kalahok.

Mga Kasosyo

Ang mga Kasosyo sa Komunidad ay mga organisasyong nakatalaga sa komunidad na nakikipagtulungan sa NDIA upang maghatid ng NDIS. Ang mga kasosyo ay nagbibigay ng mga serbisyo ng ECEI o mga serbisyo ng LAC; ang ilang mga organisasyon ay naghahatid ng dalawang ito.

Alamin ang iyong pagiging karapat-dapat na maka-access ng NDIS

Ang NDIA ay nagpapasya kung sino ang maaaring mag-access ng NDIS batay sa impormasyon na ibinigay nila tungkol sa kanilang kapansanan at kung paano nito naapektuhan ang kanilang pang-araw-araw na buhay. Upang maging karapat-dapat para sa NDIS, ikaw ay dapat:

- may permanenteng kapansanan na masyadong nakakaapekto sa iyong kakayahang makibahagi sa pang-araw-araw na mga aktibidad o may pagkaantala sa pag-unlad
- mas bata ang edad sa 65 taon nang una mong na-access ang NDIS
- mamamayan ng Australya, may hawak na permanenteng visa o Protected Special Category Visa, at
- nakatira sa bahagi ng Australya kung saan makukuha na ang NDIS.


Upang tingnan kung maaari mong ma-access ang NDIS, kumpletuhin ang tseklis sa ibaba.

Tandaan, ito ay gabay lamang at ang huling pasya tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat ay nasa kamay ng NDIA.

<p>1. Ikaw ba ay mas bata sa 65 taong gulang?</p> <p>Upang ma-access ang NDIS, ikaw ay dapat mas bata sa 65 taong gulang nang mag-aoplay.</p>	<p>Oo, pumunta sa tanong 2.</p> <p>Hindi, ikaw ay hindi maaaring maka-access ng NDIS. Maaari kang maka-access ng iba pang mga suporta sa pangangalaga ng matatanda. Bisitahin ang www.myagedcare.gov.au</p>
<p>2. Residente ka ba ng Australya?</p> <p>Para ma-access ang NDIS, kailangang nakatira ka sa Australya at naging:</p> <ul style="list-style-type: none">• isang mamamayan ng Australya, O• isang permanenteng residente, O• may hawak na Protected Special Category Visa.	<p>Oo, pumunta sa tanong 3.</p> <p>Hindi, ikaw ay hindi maaaring maka-access ng NDIS. Maaari mong ma-access ang iba pang mga suporta sa pamamagitan ng mga serbisyong pangkomunidad at iba pang mga serbisyo ng pamahalaan.</p>
<p>3. Nakatira ka ba sa isang lugar kung saan kasalukuyang nakukuha na ang NDIS?</p> <p>Para ma-access ngayon ang NDIS, dapat nakatira ka sa isang lugar kung saan nakakakuha na ng NDIS. Kung hindi mo alam, bisitahin ang NDIS website sa www.ndis.gov.au o tawagan ang 1800 800 110.</p>	<p>Oo, pumunta sa Tanong 4.</p> <p>Hindi, kailangan mong maghintay hanggang ang NDIS ay makukuha na sa inyong lugar.</p>
<p>4. Karaniwan bang kailangan mo ng suporta mula sa ibang tao o gumagamit ka ng espesyal na kagamitan upang isagawa ang pang-araw-araw na mga gawain dahil sa permanente at malaking kapansanan?</p> <p>Para ma-access ang NDIS, kailangang may permanente at malaking kapansanan na pumipigil sa iyong isagawa ang pang-araw-araw na gawain nang mag-isa. Kabilang dito ang mga kapansanan na pasumpung-sumpong (episodic) tulad sa mga taong may malubha at panghabambuhay na kapansanang siko-sosyal (psychosocial disability).</p>	<p>Oo, ang LAC, Kasosyong ECEI o ang NDIA ay maaaring makatulong sa iyo na humiling ng pag-access. Tingnan ang dayagram sa susunod na pahina para sa karagdagang impormasyon.</p> <p>Hindi, pumunta sa Tanong 5.</p>
<p>5. Kailangan mo ba ng ilang suporta sa ngayon para mabawasan ang iyong pangangailangang suporta sa hinaharap?</p> <p>Para ma-access ang NDIS upang makatanggap ng mga suporta sa maagang interbensyon, ikaw ay dapat:</p> <ul style="list-style-type: none">• may permanenteng kapansanan, o• isang bata na may edad na 0-6 taon na malaki ang pagkaantala sa pag-unlad na nangangailangan ng partikular na antas ng interbensyon, at <p>Kailangang may katibayan na magpapatunay na ang pagkuha ng suporta sa ngayon ay makakatulong sa iyo na:</p> <ul style="list-style-type: none">• bawasan ang mga epekto ng iyong kapansanan o pagkaantala sa pag-unlad, at• patatagin ang iyong mga kasanayan at pagsasarili.	<p>Oo, ang LAC, Kasosyong ECEI o ang NDIA ay maaaring makatulong sa iyo na humiling ng pag-access. Tingnan ang dayagram sa susunod na pahina para sa karagdagang impormasyon.</p> <p>Hindi, ang LAC o ang Kasosyong ECEI ay maaaring gamitin upang tulungan kang maka-ugnay sa komunidad o sa iba pang mga serbisyo ng pamahalaan.</p>

Pag-access sa NDIS

Pagkatapos mong sagutin ang mga tanong sa pahina 5, gamitin ang dayagram sa ibaba upang tulungan kang maunawaan ang proseso ng pag-access ng NDIS.



Paano kung kailangan ko ng tulong sa paghiling ng pag-access?

Kung mayroon kang isang kinatawag inatas ng batas, masusuportahan ka niyang humiling ng pag-access para sa iyo. Kung wala kang kinatawag inatas ng batas, maaari kang humiling sa isang sumusuportang tao tulad ng isang kapamilya, kaibigan o suportang manggagawa na tulungan ka. Gayunman, kailangan mong magbigay ng pahintulot sa iyong sumusuportang tao na humiling ng pag-access sa ngalan mo.

Pagbibigay ng impormasyon upang suportahan ang iyong kahilingan na pag-access

Ang kahilingan sa pag-access ay maaaring simulan sa pamamagitan ng pagtawag sa NDIA sa **1800 800 110**.

Kailangan mong magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong sarili upang matulungan ang NDIA na makapag-desisyon tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat para sa NDIS. Maaari ka ring magbigay ng pahintulot sa isang taong iyong pinagkakatiwalaan na magbigay ng impormasyon sa ngalan mo.

Ikaw ay hihilingang magbigay ng sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong pangalan, edad, tirahan at kung ikaw ay may pahintulot na manirahan nang permanente sa Australya.
- Katibayan ng iyong edad at tirahan.
- Mga detalye at ebidensya tungkol sa iyong kapansanan at kung paano ka nito naaapektuhan sa bawat araw.
- Kasalukuyan at/o kaugnay na mga ulat na hawak mo mula sa mga espesyalista sa paggamot o kaalyadong mga propesyonal sa kalusugan.
- Kung ikaw ay nagpapahintulot sa NDIA na kausapin ang ibang mga tao tungkol sa iyong kapansanan, kabilang na ang Centrelink, ang iyong GP o ang taong nagbibigay ng suporta sa iyo.

Kapag naayos na ang iyong kahilingan sa pag-access, ang NDIA ay magpapadala sa iyo ng liham na humihiling ng anumang katibayan na kailangan mong ibigay.

Ipadala ang iyong mga katibayan sa NDIA sa pamamagitan ng:

Liham: GPO Box 700, Canberra, ACT 2601

Email: NAT@ndis.gov.au

Nang personal: dalhin ang mga ito sa inyong lokal na tanggapan

Magtabi ng isang kopya ng iyong katibayan para sa iyong sariling mga rekord.

Mga tala at mga tanong

Pag-access sa NDIS

Ipinapakita ng mga halimbawang ito kung paano masusuportahan ng NDIS ang mga indibidwal.

HARRIET

Si Janine ay nag-aalala tungkol sa pag-unlad ng kanyang apat na taong gulang na anak na babae na si Harriet. Ginagamit ni Janine ang website ng NDIS upang malaman ang tungkol sa Early Childhood Early Intervention (ECEI) para sa mga bata na may edad na 0-6 na taon, at sa tingin niya ay maaaring makinabang dito si Harriet.

Tinawagan ni Janine ang NDIA upang malaman kung saan makakakuha ng tulong at itinuro siya sa kanyang lokal na Kasosyong ECEI. Nakipag-ayos siya ng isang pulong sa ECEI Coordinator. Natukoy ng ECEI Coordinator na hindi kailangan ni Harriet ng plano ng NDIS, ngunit pakikinaabangan niya ang ilang suporta ng maagang interbensyon. Ang ECEI Coordinator ay sumusuporta kay Janine sa mga paraan ng terapi sa pananalita na gagamitin sa tahanan at sa kindergarten upang mapabuti ang pag-unlad ng mga kasanayan sa komunikasyon ni Harriet.

Ang pangkat sa Kasosyong ECEI ay magbibigay din ng ilang mga paraan sa paggamot na magagamit ng pamilya sa bahay upang suportahan ang pagsasarili ni Harriet. Pagkaraan ng tatlong buwan, bumuti ang pananalita at kabuuang pag-unlad ni Harriet at may kumpiyansa ang pamilya na patuloy na masusuportahan ang kanyang pag-unlad nang hindi nangangailangan ng mas maraming suporta ng ECEI. Handa nang simulan ni Harriet ang mababang paaralan sa susunod na taon.

Ang ECEI Coordinator ay nagsabi kay Janine na patuloy nilang susubaybayan ang progreso ni Harriet at maaari siyang makipag-ugnay kung siya ay may anumang bagay na nais talakayin tungkol sa pag-unlad ni Harriet sa hinaharap.

DOM

Si Dom, 24, ay may katamtamang pang-intelektwal na kapansanan. Nakatira siya sa kanyang mga magulang at nangangailangan ng kanilang tulong sa mga gawain tulad ng pagluluto ng pagkain at pagbibiyaha, at sinasamahan nila si Dom kapag siya ay lumalabas. Gusto niyang maging mas nakapagsasarili at balang araw ay makakuha ng part-time na trabaho.

Si Dom ay hindi kailanman nakatanggap ng suporta sa kapansanan mula sa pamahalaan ng kanyang estado. Nabalitaan ng pamilya ni Dom na ang NDIS ay nagsimula na sa kanilang rehiyon. Tinawagan ng kanyang ama ang NDIA at gumawa ng kahilingan sa pag-access. Bago makagawa ng desisyon, hinilingan siyang magbigay ng karagdagang katibayan tungkol sa kapansanan ni Dom.

Batay sa katibayang ibinigay, ang kahilingan ni Dom sa pag-access ay naaprubahan. Siya ay isinangguni sa isang Local Area Coordinator (LAC) sa kanilang lugar. Si Dom ay tumanggap ng pondo ng NDIS na tutulong sa kanyang bumili ng mga suporta at mga serbisyo upang matutunan ang mga bagong kasanayan tulad ng pagluluto para sa kanyang sarili, paghahanda sa bawat umaga, at matulungan siyang magkaroon ng mga kasanayan at tiwala sa sarili na kaya niyang sumakay ng bus nang mag-isa. Sa kalaunan, inaasahan ni Dom na gamitin ang kanyang pondo ng NDIS upang tulungan siyang magkaroon ng tamang mga kasanayan para makakuha ng isang part-time na trabaho sa industriya ng hospitalidad (hospitality).

JIM

Si Jim, 45, ay naaksidente sa tahanan at nagtamo ng maraming pinsala sa kanyang binti. Siya ay ipinasok sa ospital, sumailalim sa iba't ibang operasyon at nangangailangan ng mga gamot upang pamahalaan ang kanyang sakit.

Sa mga unang linggo matapos lisanin ang ospital, si Jim ay nangangailangan ng tulong sa pagpapalit ng mga tapal sa kanyang mga sugat. Sinimulan rin niya ang isang masinsinang programa ng rehabilitasyon.

Ang sistema ng kalusugan ng estado ay responsable sa pagpopondo ng pangangalaga kay Jim sa ospital, mga pagpapa-opera, mga espesyalista, mga nars at rehabilitasyon. Natukoy ni Jim na siya ay hindi karapat-dapat para sa NDIS dahil ang kanyang mga pinsala ay malamang na hindi permanente.

Batid ni Jim na kung magbabago ang kanyang mga pangangailangan sa pagdaan ng panahon ay maaari siyang maging karapat-dapat para sa NDIS, halimbawa kung natapos na niya ang lahat ng kanyang mga paggamot at may katibayan na siya ay may permanente at makabuluhang kapansanan, na ibig sabihin ay nangangailangan siya ng tulong sa pang-araw-araw na mga gawain.

Mga suporta at mga serbisyo na pinopondohan ng NDIS

Anong mga suporta at mga serbisyo ang maaaring pondohan ng NDIS?

Ang NDIS ay nagpopondo ng isang hanay ng mga suporta at mga serbisyo na maaaring kabilang ang edukasyon, trabaho, pakikibahagi sa lipunan, pagsasarili, mga kaayusan ng paninirahan at kalusugan at kagalingan.

Upang maturing na makatwiran at kinakailangan, ang suporta o mga serbisyo ay:

- kailangang may kaugnayan sa kapansanan ng kalahok
- hindi dapat kasama ang mga pang-araw-araw na gastos sa pamumuhay na **walang** kinalaman sa iyong pangangailangang suporta sa kapansanan, tulad ng mga groseri
- kailangang pinakamagandang halaga na mabibili ng pera
- malamang na magiging epektibo at makabubuti dapat para sa kalahok, at
- dapat isaalang-alang ang suportang ibinibigay ng iba pang mga serbisyo ng pamahalaan, iyong pamilya, mga tagapag-alaga, mga network at komunidad.

Paano sinusupportahan ng NDIS ang mga pamilya at mga tagapag-alaga?

Kahit sinusupportahan ng NDIS ang mga taong may permanente at makabuluhang kapansanan, ang kanilang mga suporta at mga serbisyong pinondohan ng NDIS ay maaaring magkaroon ng direkta o hindi direktang benepisyo para sa mga pamilya at mga tagapag-alaga.

Ang iyong LAC, ECEI Coordinator o ang NDIA ay maaari ring magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga suportang makukuha mo sa ilalim ng iba pang mga programang pinopondohan ng pamahalaan, kabilang ang pagpapayo at mga grupo ng suporta ng tagapag-alaga sa inyong komunidad.

Ang NDIS ba ay naka-ugnay sa Disability Support Pension?

Hindi. Ang Disability Support Pension (DSP) ay hiwalay sa NDIS. Kung tumatanggap ka ng DSP, ito ay hindi nangangahulugan na ikaw ay awtomatikong karapat-dapat para sa NDIS, at kailangan mo pa ring alamin ang iyong pagiging karapat-dapat at mag-aplay para sa NDIS.

Gayundin, kung ikaw ay tumatanggap ng pondo ng NDIS, hindi ito makakaapekto sa anumang suporta sa kita na tinatanggap mo, tulad ng DSP o Carers Allowance (Allowance ng Tagapag-alaga).

Humahalili ba ang NDIS sa iba pang mga serbisyo ng pamahalaan at komunidad?

Hindi. Ang iba pang mga serbisyo ng pamahalaan at komunidad ay patuloy na mananagot sa pagbibigay ng tulong sa lahat ng mga Australyano, at siguraduhin na ang kanilang mga serbisyo ay inklusibo at madaling makuha ng mga taong may kapansanan. Habang ang NDIS ay hindi kinokopya o pinopondohan ang mga serbisyong ito, maaaring sabihin sa iyo ng iyong LAC o ECEI Coordinator kung ano ang makukuha sa inyong lugar at tutulong sa iyong ma-access ang mga ito.

Kabilang sa iba pang mga serbisyo ng pamahalaan ang lokal na mga konseho, ospital, mga aklatan, mga sentro ng kalusugan, pampublikong sasakyan o paaralan. Ang mga serbisyo at mga gawain ng komunidad ay maaaring kabilangan ng mga grupo ng komunidad, mga samahang pang-isport (sports club) at mga kawanggawa sa inyong lokal na komunidad. Ang mga negosyo ay may mahalagang papel ding ginagampanan sa pagbibigay ng mainit na pagtanggap at naa-access na kapaligiran para sa lahat ng tao, at kabilang dito ang mga kapihan, mga pinagtatrabahuhan at mga shopping centre.

“

“Bawat linggong may pasok sa paaralan, ako ay liliban ng isang araw kung saan ako nagtatrabaho sa bangko. Inaasam kong maranasan ng pagiging isang takilyero (teller) at tunay na nagtatrabaho sa isang bangko.”

ONI, KALAHOK NG NDIS



Saan pa may pananagutan ang iba pang mga serbisyo ng pamahalaan?

Ang iba pang mga serbisyo ng pamahalaan ay patuloy na ilalaan para sa lahat ng mga Australyanong may kapansanan. Upang tulungan kang maunawaan kung sino ang may pananagutan para sa mga iba't ibang serbisyo, narito ang ilang halimbawa.

Ang iyong LAC, ECEI Coordinator o ang NDIA ay maaari ring magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga popondohan at hindi popondohan ng NDIS.

Edukasyon

Pinopondohan ng NDIS ang:

- Sariling-pangangalaga sa paaralan na may kinalaman sa kapansanan ng estudyante, tulad ng tulong sa pagkain.
- Espesyalistang pagsasanay ng mga guro at iba pang mga kawani tungkol sa partikular na mga pangangailangan ng personal na suporta ng estudyanteng may kapansanan.
- Espesyalistang transportasyon na kinakailangan dahil sa kapansanan ng estudyante (hindi kahalili ng tungkulin ng magulang).
- Maibibiyaheng mga kagamitan tulad ng wheelchair o mga aparato ng personal na komunikasyon.
- Mga terapi na napagkasunduan ng pamilya at paaralan na maaaring maihatid sa oras ng paaralan ngunit hindi para sa mga layuning pang-edukasyon.

Pinopondohan ng mga sistema ng edukasyon ang:

- Mga guro, mga alalay sa pag-aaral at iba pang mga suporta tulad ng mga interpreter ng Auslan.
- Pangkalahatang suporta, mga pagkukunan at pagsasanay para sa mga guro, mga tutor at mga iba pang mga kawani.
- Terapi na ibinibigay sa mga paaralan para sa edukasyon o mga layunin ng pagsasanay, tulad ng mga praktisyoner ng kaalyadong kalusugan na tumutulong sa mga guro at mga tagapagsanay na iakma ang mga kurikulum.
- Mga pantulong (aids) at mga kagamitan upang gawing mas madaling ma-access ang mga kurikulum, tulad ng mga hardware, software ng kompyuter at mga aklat-aralin ng Braille.
- Mga pagbabago sa mga gusali tulad ng mga rampa, mga elebeytor at mga hearing loop.
- Pagbibiyaha para sa mga gawaing pang-edukasyon o pagsasanay tulad ng mga ekskursiyon, mga field trip at mga pampalakasang karnabal (sporting carnivals).
- Pang-araw-araw na pangangasiwa ng mga estudyante sa paaralan, kabilang ang suporta sa pag-uugali.


Kalusugan

Pinopondohan ng NDIS ang:

- Mga pagbabago sa tahanan, personal na pag-aalaga at pagpapaunlad ng mga kasanayan para matulungan ang isang tao na maging mas nakapagsasarili.
- Kaalyadong kalusugan at iba pang terapi na kinakailangan dahil sa kapansanan ng isang tao, kabilang ang terapi sa pagtatrabaho (occupational therapy), terapi sa pananalita (speech therapy) o terapi sa pagkilos (physiotherapy).
- Mga prostetik at artipisyal na binti at braso (ang pag-oopera ay tungkulin pa rin ng sistema ng kalusugan).
- Mga pantulong at mga kagamitan tulad ng mga wheelchair, naiaakmang mga kama o mga hearing aid na may kaugnayan sa kapansanan ng isang tao.
- Mga suporta sa pagpapagamot at pag-uugali para sa mga tao na may kapansanang psychosocial.

Pinopondohan ng mga sistema ng pampublikong kalusugan ang:

- Pagsusuri at pagtatasa ng mga kondisyon ng kalusugan, kabilang na ang mga suliranin sa kalusugan ng pag-iisip at mga kapansanan.
- Mga gamot, pangkalahatang mga serbisyong medikal at pang-ngipin at paggamot, mga serbisyo ng espesyalista, pangangalaga sa ospital, pag-oopera at rehabilitasyon.
- Klinikal na pangangalaga para sa mga suliranin sa kalusugan ng isip.
- Palyatibong pangangalaga, mga serbisyo sa matatanda (geriatric) at psychogeriatric na mga serbisyo.
- Pangangalagang sub-acute, rehabilitasyon at post-acute kabilang ang paggamot ng isang nars sa mga sugat.
- Pagpapalano at paghahanda para sa isang pasyente na babalik sa bahay pagkatapos manatili sa ospital.
- Pangkalahatang mga serbisyo sa pandinig at paningin na walang kaugnayan sa kapansanan ng isang tao (halimbawa, niresetang mga salamin sa mata).



Pagtatrabaho

Pinopondohan ng NDIS ang:

- Pansariling pangangalaga sa mga tao na nangangailangan ng suporta sa trabaho dahil sa kanilang kapansanan (halimbawa, tulong sa pansariling pangangalaga o pagkain).
- Mga pantulong at mga kagamitan tulad ng wheelchair o mga pansariling aparato ng komunikasyon tulad ng mga screen reader o mga speech generation device.
- Suporta sa transisyon sa pagtatrabaho na kinakailangan ng taong may kapansanan na lumabis sa makatwirang maibibigay ng isang tagapag-empleyo (tulad ng pagsasanay sa pagbibiyaha papunta sa trabaho at pabalik sa bahay, mga pakikipag-ugnayan sa mga kasamahan, komunikasyon at mga pangkalahatang kasanayan sa trabaho).

Pinopondohan ng mga tagapag-empleyo at mga serbisyo sa pagtatrabaho ang:

- Tulong upang patatagin ng mga kalahok ang kanilang mga kasanayan na may kaugnayan sa trabaho upang makahanap at manatili sa pagtatrabaho, kabilang ang kasalukuyang suporta kung kinakailangan. Kabilang dito ang mga serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng Disability Employment Services or Jobactive (programa ng mga serbisyo sa pagtatrabaho ng Pamahalaan ng Australya).
- Mga suporta na partikular sa lugar ng trabaho tulad ng mga pagbabago sa gusali, mga pantulong na partikular sa pagtatrabaho at kagamitan tulad ng mga kompyuter at inakmang mga mesa.
- Pagbibiyaha para sa mga gawain sa trabaho tulad ng mga pulong.
- Mga kabayaran suporta sa kita para sa mga naghahanap ng trabaho tulad ng NewStart Allowance.

Suporta sa pamilya

Pinopondohan ng NDIS ang:

- Mga suportang kailangan na partikular sa kapansanan dahil sa epekto ng kapansanan ng anak o magulang.
- Mga programa ng pagsasanay na partikular sa kapansanan para sa mga magulang at tagapag-alaga na may kapansanan din, o isang batang may kapansanan.
- Suporta sa kapansanan para sa mga bata, kabataan at mga adulto sa labas ng tahanan na pangangalaga, kabilang ang mga pagbabago sa tahanan, kagamitan, mga terapi at suporta sa pag-uugali, at pagpapaunlad ng mga kasanayan ng isang bata upang maging mas nakapagsasarili.

Pinopondohan ng mga serbisyon pampamilya ng komunidad at pamahalaan ang:

- Pagtugon sa mga isyu sa proteksyon ng bata.
- Mga kampanyang pang-impormasyon at pang-kamalayan tungkol sa kaligtasan at kagalingan ng bata.
- Pagpapayo, mga programa ng mga kasanayan sa pagiging magulang at mga serbisyo sa ugnayan ng pamilya.
- Pangangalaga sa labas ng bahay para sa mga bata, kabataan at mga adulto, kabilang ang pabahay, mga allowance sa pangangalaga, mga kabayaran at iba pang pamantayang mga suporta upang panatilihin ang mga kaayusan.
- Mga kabayaran pampamilya at pang-magulang tulad ng Family Tax Benefit (Benepisyo sa Pampamilyang Buwis) or mga (mga Diskwento sa Pangangalaga ng Bata (Child Care Rebates).

1

2

3

Ano ang susunod na mangyayari?



Kapag ibinigay mo na ang lahat ng kinakailangang impormasyon, ang NDIA ay magpapasya kung ikaw ay karapat-dapat para sa NDIS. Kami ay magpapadala sa iyo ng liham upang ipaalam sa iyo ang desisyon. Ito ay tinatawag na isang 'desisyon ng pag-access'.



Kung ikaw ay hindi karapat-dapat para sa NDIS, maaari ka pa ring makakuha ng impormasyon at tulong mula sa isang LAC o ECEI Coordinator upang ma-access ang mga suporta at mga serbisyo sa inyong komunidad.

- Kung mayroon kang mga bagong ebidensya tungkol sa mga epekto ng iyong kapansanan sa iyong pang-araw-araw na buhay, maaari mong kumpletuhin ang bagong kahilingan sa pag-access.
- Kung ang iyong sitwasyon ay magbago sa hinaharap, maaari kang gumawa ng bagong kahilingan sa pag-access.
- May karapatan kang humiling sa NDIA na repasuhin ang desisyon sa iyong pag-access. Ipapaalam sa iyo ng iyong LAC, ECEI Coordinator o ng NDIA kung paano gagawin ito at maaari kang iugnay sa isang tao, tulad ng isang tagapamagitan, na maaaring makatulong sa iyo sa prosesong ito.
- Kung hindi ka sang-ayon sa pagrepaso ng NDIA sa iyong kahilingan sa pag-access, maaari kang mag-aplay para sa isang pagrepaso sa Administrative Appeals Tribunal (AAT). Bisitahin ang website ng AAT sa www.aat.gov.au o tumawag sa **1800 228 333**. Hindi mo mahihiling sa AAT na repasuhin ang desisyon kung wala pang pagrepaso ng NDIA.



Kung ikaw ay karapat-dapat para sa NDIS, kokontakin ka para ayusin ang isang pulong sa pagpapalano upang talakayin ang iyong kinakailangang suporta at pondo.

Ikaw ngayon ay handa nang lumipat sa:
Buklet 2: Pagpapalano

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa buklet na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa:

www.ndis.gov.au


National Disability Insurance Agency

 Telepono 1800 800 110


 Hanapin kami sa Facebook/NDISAus


 Sundan kami sa Twitter @NDIS

Para sa mga taong nangangailangan ng tulong sa Ingles

 TIS: 131 450

Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig o pananalita

 TTY: 1800 555 677

 Speak and Listen (Magsalita at Makinig):
1800 555 727

 Internet relay: National Relay Service
www.relayservice.gov.au